



Manatiling Ligtas Online

Mga Simpleng Paraan Para Maiwasan ang Panloloko

Sa Al-Tijari Bank, ang iyong seguridad ang aming pangunahing prayoridad. Sundin ang mga simpleng tip na ito upang maprotektahan ang iyong account at personal na impormasyon

Protektahan ang Iyong mga Password

Gawin ito:

- Gumamit ng malalakas na password na mahirap hulaan
- Panatilihin pribado ang iyong mga password
- Regular na palitan ang iyong mga password

Iwasan:

- Paggamit ng personal na impormasyon (kaarawan, numero ng mobile selpon, numero ng ID)
- Pagbabahagi ng password kahit kanino

Protektahan ang Iyong mga Device

Madaling makapasok ang mga manloloko sa iyong datos gamit ang mapaminsalang software

Gawin ito:

- Mag-install lamang ng apps at software mula sa mapagkakatiwalaang pinagmulan
- Panatilihin updated ang iyong device at antivirus

Iwasan:

- Pagbubukas ng mga hindi kilalang email o attachment
- Pag-click sa mga kahina-hinalang links



Mag-ingat sa Phishing at Pekeng Mensahe

Maaaring magpanggap ang mga manloloko bilang isang mapagkakatiwalaang kumpanya.

Kasama sa mga senyales ng babala ang mga mensaheng:

- Nag-aangkin na may problema sa iyong account
- Humihiling na i-update mo agad ang iyong impormasyon
- Nag-aanyaya na sumali ka sa isang paligsahan o kumuha ng premyo
- Humihingi ng personal o impormasyon mo sa bangko

Tandaan:

- Hindi kailanman hihingin ng mga mapagkakatiwalaang kumpanya ang iyong password, PIN, o detalye ng card sa pamamagitan ng email o SMS.

Mga Tip sa Kaligtasan ng Card

Kapag Nagbabayad sa mga Tindahan (POS)

Gawin ito:

- Panatiliing nakikita ang iyong card habang nagbabayad
- Ikaw mismo ang maglagay ng iyong PIN
- I-check ang mga abiso ng iyong transaksyon

Kung may napansing kakaiba:

- Iulat agad sa pamamagitan ng CBK Mobile App o tumawag sa bangko.

Kapag Gumagamit ng mga ATM

Gawin ito:

- Takpan ang keypad kapag naglalagay ng iyong PIN
- Suriin kung may kakaibang device sa ATM
- Regular na palitan ang iyong PIN

Iwasan:

- Pagtanggap ng tulong mula sa mga hindi kilala
- Paggamit ng ATM kung may kahina-hinalang napapansin



Mga Tip Kapag Nagbibiyahe

Gawin ito:

- Magbayad gamit ang lokal na pera kapag ginagamit ang iyong card sa ibang bansa
- Itago ang iyong mga card sa magkakahiwalay na lugar
- Subaybayan ang iyong gastos sa pamamagitan ng CBK Mobile App

Kung mawala ang iyong card:

- itigil ang card sa CBK Mobile App
- Kontakin agad ang Al-Tijari upang ma-block ito

Gamitin ang Mga Kagamitang Pang-Seguridad ng Al-Tijari:

- SMS na Alerto: Agarang update para sa bawat transaksyon
- CBK Mobile App: I-monitor ang mga transaksyon, pamahalaan ang mga card, at palakasin ang seguridad anumang oras

Kung Pinaghihinalaan Mong May Panloloko:

- I-block agad ang iyong card
- Palitan ang iyong mga password
- Kontakin kaagad ang bangko ng Al-Tijari

Mga Tampok na Pampasiguridad ng Banknote

- Isang watermark na nagpapakita ng ulo ng palkon at ang numero ng denominasyon sa Arabic ay lumilitaw kapag itinaas ang banknote at tinapatan ng liwanag.
- Ang spark na marka ay nagpapalit ng kulay kapag iniikot o iniyuyugog ang banknote.
- Ang thread ng seguridad ay nagbabago ng kulay at nagpapakita ng teksto, mga disenyo, at paulit-ulit na numero ng denominasyon kapag sinisinagan ng ilaw mula sa likod ng banknote.
- Ang nakaangat na intaglio printing ng denominasyon, na makikita sa magkabilang panig ng banknote, pati na ang mga palatandaang may tekstura para sa mga may kapansanan sa paningin ay madaling maramdaman sa paghipo.
- Ang mga bahagyang naka-print o hindi kumpletong hugis ay nagiging buo at malinaw na bumubuo sa numero ng denominasyon kapag tinitingnan ang banknote sa liwanag.

Mahalaga ang Iyong Kaligtasan

- Ang pagiging ma-alerto ang pinakamainam na paraan para maprotektahan ang iyong sarili, at ang Al Tijari Bank ay laging nandito upang suportahan ka

لنكن
على
رأية

التجاري
Al-Tijari

